# *JOMAR GONZALES ADAYA*

Si Jomar Gonzales Adaya ay nagtapos ng AB Filipinolohiya at MA Filipino sa PUP Sta. Mesa, at kasalukuyang kumukuha ng PhD Philippine Studies sa UP Diliman. Nalathala ang kanyang ilang sanaysay, tula at dagli sa Entrada, Pylon, Bisig, at Filipinolohiya Journal. Naging fellow ng Palihang Rogelio Sicat 7 na ginanap sa Angeles, Pampanga noong 2014. Kasalukuyang nagsisilbi bilang Hepe ng PUP Sentro sa Araling Pangwika at Pampanitikan, at faculty sa PUP Kagawaran ng Filipinolohiya.

# TARGET

I, __________________, of the College of Arts and Letters,
commits to deliver and agree to be rated on the attainment of the
following targets in accordance with the indicated measures
for the period of ______ July to ______ December, 2018.

Q1 = Binabasa niya ang form na requirement para sa mga faculty ng unibersidad. Hindi alintana ang mga tinig mula sa bulto ng mga estudyanteng nag-iikot sa building bitbit ang mga plakard. Bumabad ang tingin sa mga salitang core functions, success indicators, actual accomplishments, at ratings. Binuksan niya ang drawer ng nanlilimahid na mesang may nakasulat na pangalan niya at kinuha ang isang folder. Inilatag niya sa mesa ang mga sertipikong magpapatunay ng pagtupad sa komitment niya sa unibersidad. Isinaayos batay sa pagkakasunod-sunod ng petsa:

Certificate of Recognition, International Conference on Cultural Studies
Letter of Acceptance, International Journal on Literary Studies
Certificate of Completion, National Workshop on Criticism
Certificate of Participation, National Research Development Forum

E2 = Sinimulan niyang i-type sa laptop ang mga detalye ng mga dokumentong nasa mesa niya. Tiwala sa sarili na nahigitan ng mga papeles ang mga indibidwal na komitment. Na malaki na ang naiambag niya. Na malaki ang posibilidad para sa mga pagkakataon. May ngiti sa mga mata niyang salitang bumabaling sa papel at screen ng laptop.

Kasabay ng tunog ng pagtipa niya sa keyboard ang boses ng reporter mula sa telebisyon sa faculty room.

T3 = *PNP Targets Teacher. Gen. Albayalde warned college professors who teach communist ideologies, that they will be charged with contempt as he scolded students of state universities for biting the hand of the government that shoulders their free education...*[1]

Tuloy siya sa pagtipa habang iniisa-isa ang mga papeles. Sa pagbuklat niya sa mga sertipiko, tumunghay ang isang memo na may logo ng CHED.

Napatigil siya sa pagta-type. Napakunot ang noo habang napaliligiran ng mga dokumentong itinakda sa mga tulad niya sa kabila ng ilang taon nang pagsisilbi bilang kontraktwal na instruktor. May kung anong bigat ang memo na hindi mapapantayan ng kanyang mga sertipiko.

A4 = Tinitimbang niya sa isip ang esensya ng komitment. Anong iskor ang ilalagay niya. Anong puntos ang nararapat sa na-target.

Muling dumaan sa labas ng faculty room ang bulto ng mga tinig. Kumalabit sa kanyang tenga ang mga katagang “Stop the Attacks.”



Legend: **Q1** Quality **E2** Efficiency **T3** Timeliness **A**4 Average

1 Batay sa artikulo mula sa http://manilastandard.net/mobile/article/277197